SECRETARY SILVESTRE H. BELLO III
World Day Against Child Labor 2021

Isang mapagpalayang pagbati sa inyong lahat.

Ngayong buwan ng Hunyo ay kasama ang Pilipinas sa paggunita ng World Day Against Child Labor. Ito ay bilang pakikiisa sa pandaigdigang kampanya laban sa child labor at upang mapalawak ang kamalayan tungkol dito.

Ang ating tema ay *"Makibahagi, Makialam, at Magkaisa para sa #BatangMalaya"* na nakabatay sa global theme na "Act now to end child labour!"

Dahil sa kahirapan at unemployment na dulot ng pandemya, mas maraming bata ang nanganganib na pumasok sa child labor. Nangyayari ito upang matulungan ang kanilang pamilya na magkaroon ng panggastos sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan.

That is why we need to continue to scale up our efforts to prevent children from going into child labor and free the children who are already engaged in child labor.

I commend the DOLE Regional Offices for their efforts to address child labor in their respective areas. I know that it is not easy but most of you have come up with innovative means to increase partnership with different sectors and engage them in the campaign against child labor.

I am enjoining everyone in the DOLE Regional and Field Offices to carry on with your relentless campaign against child labor and persevere in the implementation of our anti-child labor initiatives.

Kayo ang frontliners ng DOLE sa prevention and elimination of child labor. Patuloy nating pagbutihin ang implementasyon ng DOLE Child Labor Prevention and Elimination Program.

Bagaman marami ang nangangailangan ng livelihood assistance sa ating mga kababayan, huwag nating kalimutang bigyan ng tulong pangkabuhayan ang mga magulang ng ating mga child laborers. Mahalaga na mayroon silang hanapbuhay upang maialis sa child labor ang mga bata at sila ay makapagpatuloy sa kanilang pag-aaral.

Palawakin din natin ang ating partnership with the private sector and civic organizations para sa ating Project Angel Tree kung saan nakakapagbigay tayo sa mga child laborers ng school supplies, hygiene kits, at food packs.

Napakahalaga ang whole-of-society approach upang makamtan natin ang ating mithiin na wakasan ang child labor. Kaya't ating pahalagahan at pagtibayin ang pakikiugnayan sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan at sa ibang sektor ng lipunan tulad ng mga employers organizations, workers groups, non-government organizations, media, at academe.

Ang taong 2021 ay idineklara ng United Nations General Assembly bilang *International Year for the Elimination of Child Labor*. Kaya't lalo nating paigtingin ang kampanya hinggil dito tungo sa isang child labor-free Philippines.

Lahat tayo ay may mahalagang papel sa pagkamit ng ating adhikain na maging malaya ang bawat bata. Kaya't tayo'y makibahagi, makialam, at magkaisa para sa batang malaya!

Maraming salamat sa inyong lahat.